# Parabula ng Pakikibaka at iba pang tula

E. SAN JUAN JR.

## Parabula ng Pakikibaka

Sa buntot ng barikada nagtago tayo't kumalas …
Maalikabok sa lansangang tinahak at tinalunton—
(Sariwa pa ang gunita ko hanggang ngayon)

Sino'ng humahabol sa atin?

Nakadikit ang kaluluwa't laman, kinulapulan ng pulbura
    pawis at usok ng Molotov cocktail  dura  tear gas …
Walang tubig sa bato walang awa ang isinumpang lugar
    na ito—walang pakialam o panghihimasok …

*Ahas na gumagapang sa bitak …*
*May bukal kaya sa singit ng mga bato?*
*Lagaslas ng bukal huni ng ibon sa sangang nakalupaypay*

Sino'ng sumusunod sa atin?  Dinig mo ba ang yabag?

Nagtatakbo tayo palayo sa panganib, palayo sa kilabot
Umurong sa madlang humugos sa Plaza, umatras
    ngunit lumingon sa magkabila, nag-alanganin …
Di ba ikaw at ako lamang ang tumakas, walang iba pa,
    ngunit sino 'yang humahangos sa tabi mo?

*Anong hayop ang gumagapang sa bitak?*
*Hindi patak ng ulan o kaluskos ng bayawak sa muhon*
*Hindi lagaslas ng batis o awit ng talahib na sinusuklay ng*
    *mabiyayang daliri ng hangin …*

Tumiwalag tayo sa hanay ng barikada, akala nati'y
　　walang susubaybay hahagilap tutugis
Dito'y walang tinig ng pagsaklolo kundi taghoy ng kuliglig
Walang daing o iyak o panangis

Walang tubig sa biyak ng pader o batis sa nakabukang burol

Nang tumingala ako'y nasulyapan ko ang dulo ng landas …
Sa tabi ng muhon naghihintay ang aninong may putikang
　　pandong—

*Anong hayop ang lumukso sa bitak?*
*Nabulabog ang mga uwak sa gilid ng parang*
*Walang tubig doon sa walang kibong alambreng bakod …*
*Walang imik o ungol sa likod ng natuyo't nabuwal na mga*
　　*punongkahoy …*

Walang kamay na mag-aabot ng kapirasong tinapay.

Sinong naglalakad ang umaantabay sa atin?
May saplot sa mukha, nakabalatkayo, bitbit ang putikang pandong—
Di ko batid kung babae o lalaki, binalaki, katutubo, dayuhan—

*Lagaslas ng ulan agos ng ilog alingawngaw ng alon sa*
　　*dalampasigan—*

Sino 'yang nagkakandatisod sa kabilang tabi mo?
Sinong kasama natin ang tumakbo't tumakas din upang
　　tayo'y matagpuan dito, mabaho't limahid
　　　　　　　　　　ngunit kaakbay at kabalikat?

Nagmamadaling araw na noon (natatandaan ko pa) nang
　　tayo'y lumuhod at humalik sa tigang na lupa
　　　nagpapasalamat
　　　　na umabot din—ay naku!
　　　　　　tila himala, sa awa ng armadong Birhen—
　　　　　　　　　　　sa napagkasunduang tipanan.

## Dulog kay Kassandra: Pagbubulay-bulay Hinggil sa Suliranin ng Kadahupan ng Wika

Matagal mo ring hinimay sa magdamag ng Oktubre 31, 2012,
Kung ano ang saysay ng liko-likong kasaysayang nagwawakas….
Buto'y maaagnas, katawa'y mabubulok—anong bisa ng dasal o dalangin?

Sa isang kisap-mata, di na mabasa ang kalahig ng manok sa lapida.

Sa gabi ng pagninilay, nalula si Pascal sa walang hanggang himpapawid.
Nagulumihanan, napaluhod sa lawak ng kawalan at sumulat:

"Ligaya, Diyos ko!… Di ko malilimot ang iyong Salita."
Petsa 1654.

Nakatingala, pilit kong inaaninaw kung ano ang mensahe ng bituin sa ulap.
Nais kong malaman kung ano ang ipinahahatid ng buntot ng buntala.
Hangad kong mabatid ang ipinaaabot ng mapagbirong Makapangyarihan.

Ngunit paano baybayin ng dukhang kataga ang himalang nasumpungan?

Masukal, masalimuot ang kahulugang binalangkas sa bituka ng hayop.
Kassandra, saklolo!
Di ko masapol ang pahiwatig, di ko masubukan.

Mapurol ang dila, ngiwi, duling, di ko matarok ang mahiwagang panginoring
kumarinyo kay Pascal.

Sukat ng taludtod ay palpak, indayog ng saknong ay lumpo't pumapalya.

Tila narinig ni Pascal ang malamyos na tinig ng walang hanggang katahimikan;
Nahinuha niya, nahuli, ang pahiwatig at kalatas ng bathalang mapanlinlang
At sinikap ibahagi ang senyal ng Maykapal na walang mukha o katawan—

Karanasang binibigkas ng pipi, sinisipat ng bulag, at ikinakatwiran ng baliw—

Kassandra, ipag-adya mo kaming mga walang suwerteng mambebersong
Sumala sa letra, putos ng utang-na-loob, walang pambayad na sisiw kundi
Pawis at laway ng isinumpa't isinanglang kaluluwa.

## Tigil, Viajero, Itugma ang Iyong Kalendaryo sa "Bayan ng Hinagpis"

Bawat umaga
binibilang ng militanteng Alan Jazmines kung ilang linggo, buwan, taon na
siya nakapiit at kailan maitutuwid ang baluktot na kalakaran

Abo na lamang ang apoy kagabi sa kampo sa Sierra Madre
ngunit may titis pang umuusok, lumusong-umahon… Sa nagbabagang uling,
sipat ng tanod, may kagampang nakahimlay ang kislap, liyab, sunog
na tutupok sa bulok na bilangguan sa kahinugan ng panahon.

Bawat tanghali
binibilang ng detenidong Maricon Montajes kung ilang araw, linggo, buwan
ang ninakaw sa kaniya ng gobyerno, kailan maibabaligtad ang tadhana

Sa gilid ng estero ng kulungan umusbong at bumuko
ang ligaw na halaman, namukadkad ang pulang bulaklak
sa lilim ng mga baril-kanyon ng Estado lingid sa orasan … Umigpaw,
tumakas habang naglalasing, nagsusugal ang mga sundalong nagbabantay.

Bawat takipsilim
binibilang ng aktibistang Tirso Alcantara kung ilang sampal, bigwas, palo,
tadyak at bugbog ang gantimpala sa kaniya ng militar—kailan darating ang
ganting hustisya?

Mula sa bukal sa bundok gumagapang ang batis di pansin ang orasyon….
Sa gubat umaagos sa magdamag, tangay ang dugo't luha ng pakikihamok,
Nilulusaw ng ilog ang inip ng pag-aasam—Sapaw na ang paglalamay sa
gabing ito.
Di na mabilang ang masang tumatawid sa dagat. Kabilang na tayo. Naganap
na.

Oras na ng pagtutuos.

## Pagbabalik sa Torino, Italya

Isang tahimik na dapithapon iyon nang walang ano-ano'y latigohin
at hagupitin ng may-ari ang kabayong upahan—

Ulanin siya't arawin, walang imik kapuwa
ngunit sandaling huminto, biglang hinataw, pinalo't walang humpay na
hinagupit

Nagkataong nasaksihan ito ni Friedrich Nietzsche—
nanuot sa laman ng pantas ang latay mula bumbunan hanggang talampakan
dagling sumugod at niyakap ang pobreng hayop na nakalupasay,
pagkuwa'y nauntol natigagal dahan-dahang bumalik sa ulilang silid
ilang araw pagkaraan, wala pang isanlinggo, siya'y natuklasang baliw….

Limot na ang kabayo ni Bartolomeo Colleoni, ni Heneral Andrew Jackson;
Hindi maisingkaw ang hayop ni Don Quixote, isinugang Pegasus….

Sa lansangang maulap humahagos ang anino ng Emperador Alejandro
biglang dumagsa sa ulo ng tropang sumusugod
lulan ng dumadambang Bucephalus,
umaarangkada ang mga armadong kabalyero

Sa likod ng katedral sa Torino, bulong ng pagaspas ng palapa ng palma
Masisino ang anino ng nakasakay sa bisirong asno—tila nakayukong taong
tinaguriang "ilaw ng sanlibutan"
ngunit walang sumalubong, walang bumati

Sa lansangang maulap, eskinita't lagusan, laganap pa rin ang alingawngaw
ng walang tigil na palo hagupit bugbog umaalmang ngitngit ng may-ari
bago pa dumating sina Antonio Gramsci at armadong masang
bumabalikwas—
umaalma dumadamba hanap ang biktimang humahalinghing ng saklolo—
di kilala si Nietzsche di alam ang nangyaring pagsakripisyo ng kabayo sa
Torino.